ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 24
Disyembre 21, 2016
www.cpp.ph

Sa anibersaryo ng PKP

## Ilunsad ang mga raling pangkapayapaan

NANANAWAGAN ANG Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mamamayang Pilipino na ipamalas ang galit sa kabiguan ng rehimeng Duterte na tuparin ang mga pangakong pangkapayaan nito. Maglunsad tayo ng mga rali sa buong bansa sa Disyembre 26 upang ipakita ang ating pagkakaisa para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan kasabay ng pagdiriwang ng ika-48 anibersaryo ng Partido.

Isang pambansang asembliya ang isasagawa sa isang sonang gerilya sa loob ng Davao City habang sabay-sabay na demonstrasyon ang ilulunsad sa loob at palibot ng mga sonang gerilya at rebolusyonaryong pook sa buong bansa.

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng sektor na naghahangad ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan na lumahok at sumuporta sa mga rali na ito. Mag-organisa ng mga martsa at karaban upang idiin kay Duterte na tuparin ang kanyang mga pangako at ipatupad ang mga kasunduan, partikular ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal at pagtatapos o pagsuspendi sa mga operasyon ng Oplan Bayanihan. Hinihikayat na dumalo ang mga kinatawan ng rehimeng Duterte upang mapakinggan nila mismo ang mga hinaing ng bayan.

Layunin din ng mga demonstrasyong ito na pagkaisahin at pakilusin ang mamamayan na maglunsad ng mga pakikibaka at paglaban para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. AB



EDITORYAL

# Ipamalas ang galit ng bayan sa napapakong mga pangakong pangkapayapaan

Mariing pinupuna ng mamamayang Pilipino si Presidente Rodrigo Duterte ng GRP sa mga nakapako niyang pangakong pangkapayapaan. Binabatikos nila ang pagkabigo niyang palayain ang mga detenidong pulitikal, na dalawang ulit niyang ipinangako. Binabatikos rin nila ang pagpapakat ng mga tropang pangkombat sa mga komunidad sa kanayunan sa kabila ng ipinag-utos na magtigil-putok, na ngayo'y nagbunsod ng laganap na abusong militar laban sa masang magsasaka.

Sa nagdaang ilang buwan, ilang ulit na ipinakita ng Partido, NDFP at mga rebolusyonaryong pwersa ang tiyaga sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa rehimeng Duterte laluna sa harap ng mga pagkaantala at bigong pangako at di totoong mga pahayag, at maging sa harap ng traydor na operasyong armado at paniniktik ng mga armadong pwersa ng GRP.

Sa diwa ng pakikipagkaibigan sa rehimeng Duterte, nagpakita ng pleksibilidad ang mga rebolusyonaryong pwersa sa harap ng kabiguan ng GRP na tuparin ang nauna nang inaasahang pagpapalaya sa mahigit 430 detenidong pulitikal bago Oktubre 26 sa pamamagitan ng proklamasyong amnestiya ng presidente.

Sa hangaring panatilihin ang magkatugmang deklarasyong tigil-putukan, nagpakapleksible ang Bagong Hukbong Bayan sa pagmamaniobra upang umiwas sa harap ng traydor na mga opensiba at mapandigmang operasyon ng AFP at

mga abusong militar ng mga armadong tropa ni Duterte sa saklaw ng mga sona at baseng gerilya.

Sinumpong na nagbagong-isip si Duterte at idineklarang walang bilanggong pulitikal ang palalayain hangga't walang pinipirmahang magkatugmang kasunduan sa tigil-putukan. Muling nagpapakapleksible ang NDFP sa pag-alok na talakayin at pirmahan ang gayong magkatugmang kasunduan sa tigil-putukan na magkakabisa oras na palayain ang lahat ng detenidong pulitikal.

Sa ngayo'y umabot na sa 115 araw ang tigil-putukan ng BHB. Sa kasaysayan, ito na ang pinakamatagal, patunay ng malawig na kahandaan ng mga rebolusyonaryong pwersa na suportahan ang pagbubuo ng pakikipagtulungan kay Duterte na minsang nagdeklarang siya'y Kaliwa at sosyalista.

Bukod sa pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP at ng napakapositibong ibinunga ng unang serye ng usapan, totoong nahikayat ang mga rebolusyonaryong pwersa ng mga proklamasyong patriyotiko, partikular, ang deklarasyon ng nagsasariling patakarang panlabas at ng pagbabantang wakasan ang presenyang militar ng US at ang magkakasanib na ehersisyong militar at ibasura ang kasunduan sa pagbabase (EDCA).

Subalit batid na batid din ng sambayanang Pilipino at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang mga patakarang anti-mamamayan at di-demokratiko ni Duterte. Pinakamatingkad rito ang lumalaking bilang ng mga ekstrahudisyal na pagpaslang na inupat ni Duterte at isinagawa ng mga pwersang pulis at ng lumilitaw na lambat ng mga *death squad*.

Bukod sa ipinag-utos sa AFP na ipagpatuloy ang mga operasyong Oplan Bayanihan sa kanayunan, inutusan rin niya ang militar na bigyan ang dating diktador na si Ferdinand Marcos ng pambayaning libing sa lubos na paghamak sa mamamayang Pilipino na labis na nagdusa sa ilalim ng batas militar.

Nananatiling di nakakamit ang hangarin ng mamamayan para sa pagbabago na pinalakas ng mga pangako ni Duterte. Pinalawig din niya ang mga neoliberal na patakaran sa ekonomya (mababang sahod at pleksibleng paggawa, pagkaltas sa mga serbisyong panlipunan, pribatisasyon ng mga serbisyong pampubliko at iba pa) ng nagdaang mga rehimen na malawakang nagpahirap sa mamamayang Pilipino.

Batid rin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga pag-urong ni Duterte mula Nobyembre. Pinagtibay niya ang "pakikipagkaibigan at alyansa" sa US at pumayag na maglunsad ang militar ng US ng mahigit 257 magkasanib na mga ehersisyong militar sa susunod na taon. Malinaw na pinili ni Duterte na bawasan at iatras ang kanyang retorikong anti-US upang siguruhin ang suporta ng tali-sa-US na AFP.

Sa harap ng napakong mga pangakong pangkapayapaan ni Duterte, ng pakikipagkaisa niya ngayon sa US at AFP, ng nagpapatuloy na mga operasyong militar at gerang panunupil sa kanayunan, pahirap nang pahirap ang pagpapanatili sa unilateral na deklarasyong inilabas ng PKP.

Malinaw nang isinaad ng PKP na ang pagpapalawig ng tigil-putukan nito ay maisasagawa kung tuparin ni Duterte ang pangako niyang palayain ang mga bilanggong pulitikal at ipag-uutos ang pag-aatras ng mga tropa nito sa mga sona at baseng gerilya.

Sinusuportahan din ng PKP ang pagsisikap ng NDFP Negotiating Panel na buuin ang isang magkatugmang kasunduang tigil-putukan sa GRP na may malinaw na probisyong nagtatanggol sa mga sibilyang komunidad mula sa tinaguriang mga operasyong sibil-militar at magkakabisa pagkatapos ng pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal.

Nakahanda ang mga rebolusyonaryong pwersa na dagdagan pa ang tiyaga at hintaying maisagawa ang gayong mga hakbang hanggang sa buwan ng Enero. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 24 | Disyembre 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionaryWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Ipamalas ang galit sa napapakong mga pangakong pangkapayapaan 1

Malalaking rali pangkapayapaan, ilunsad 1

Salita ni Duterte, walang silbi 3

Malalalang paglabag sa karapatang-tao 3

Operasyong militar sa Abra at Ilocos 4

Oplan Bayanihan sa Mindanao 5

Mga manggagawa sa plantasyon, pinagbabaril 6

Aktibista sa Tondo, pinaslang 6

2 bilanggo, nakalaya na 6

Pagsasamantala ng pamilyang Consunji sa Far South Mindanao 8

Mga krimen ng Consunji sa Daguma 9



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sa ika-68 Araw ng Karapatang-tao

# Malalalang paglabag sa karapatang-tao, binatikos




Sa Pandaigdigang Araw sa Karapatang-tao noong Disyembre 10, binatikos ng libu-libong mamamayan sa buong bansa ang lumalalang kalagayan ng karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Duterte. Nagpapatuloy ang militarisasyon at pang-aabuso ng Armed Forces of the Philippines sa kanayunan sa kabila ng tigil-putukan.

Lalupang lumala ang ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga sibilyan, pareho sa ilalim ng mapanupil na Oplan Bayanihan at sa kunwa'y gera kontra-droga ng rehimen. Tuluy-tuloy rin ang pagtugis, harasment at pang-aabuso sa mga aktibista at lumalabang grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa. Dumarami ang pagkakataong ginamit ng rehimen ang "gera kontra-droga" para bigyang-matwid ang pamamaslang, pang-aaresto at panggigipit sa mga aktibista at rebolusyonaryo.

Ayon sa Karapatan, umaabot na

*sundan sa pahina 4*

---

## Salita ni Duterte, walang silbi

PAULIT-ULIT NA pinatutunayan ni GRP Pres. Rodrigo Duterte na walang silbi ang kanyang mga salita laluna kaugnay sa pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal. “Bigyan niyo ako ng pinirmahang kasunduan para sa bilateral na tigil-putukan at palalayain ko sila sa loob ng susunod na 48 oras. Pangako ko iyan sa inyo,” aniya noong Disyembre 12. Ito ay matapos “nangako” siya noong Disyembre 2 na palalayain niya ang 40 sentensyado at 130 matatanda at sakiting bilanggong nasa listahan ng NDFP sa isang pagpupulong sa mga konsultant ng NDFP noong Disyembre 2 sa Davao City.

Ayon kay Fidel Agcaoili, pinuno ng panel ng NDFP, “nakababalaha at nakadidismaya” ang mga pahayag ni Duterte. “Baliktad na baliktad ito sa mga ipinangako niya sa amin,” aniya.

Sa isang talumpati noong Disyembre 8, inulit ni Duterte ang isa sa kanyang naunang mga pahayag na hindi niya palalayain ang mga bilanggong pulitikal dahil “mawawalan siya ng baraha.” Una niya itong sinabi noong Oktubre, matapos ang pangalawang serye ng mga pag-uusap ng mga panel ng NDFP at GRP sa Oslo, Norway, kung saan pumirma ang kanyang mga negosyador sa isang kasunduang nagsasaad ng proklamasyon ng amnestiya.

Dalawa sa mga 130 nakatakdang palalayain ang kasalukuyang nasa ospital ngayon—sina Amelia Pond, 64, at Apolonio Barado, 62. Ipinasok sa Southern Philippines Medical Hospital sa Davao City si Pond noong Nobyembre 11 para operahan. Si Barado naman ay isinugod sa ospital ng New Bilibid Prison sa Muntinlupa City dulot ng pananakit sa dibdib noong Disyembre 4.

“Ang kara-karakang paratang ni Duterte na mga myembro ng BHB ang lahat ng mga bilanggong pulitikal ay nagpapakita na wala siyang pagkakaiba sa naunang mga rehimen sa pagbibilanggo batay sa mga gawa-gawang kasong kriminal at paggamit sa kanila bilang mga *hostage* para ipresyur at isahan ang NDFP na pumirma sa isang walang-taning na tigil-putukan o kapitulasyon,” ayon pa kay Agcaoili.

Tuluy-tuloy din ang pagsisinungaling ng GRP kaugnay sa tigil-putukan at mga paglabag ng AFP sa sarili nitong *ceasefire.* Nitong Disyembre 13, kinailangan na namang pabulaanan ng NDFP ang pagpupumilit ng GRP na handa nang pumirma sa kasunduan ng bilateral na tigil-putukan ang rebolusyonaryong kilusan. Ani Luis Jalandoni, hindi iniaatras ng NDFP ang pusisyon nitong obligasyon ng GRP ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. “Magkakabisa ang bilateral na tigil-putukan 48 oras matapos ito pirmahan, alinsunod sa itinakdang panahon ni Pres. Duterte para mapalaya niya ang mga bilanggong pulitikal, ” ani Jalandoni. “Kung walang pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal, hindi magkakabisa ang tigil-putukan,” paglilinaw niya.

Samantala, lantarang hinaras ng mga ahente ng estado ang dalawa sa konsultant ng NDFP noong Disyembre 11. Papunta sa paliparan sina Ruben Saluta at Concha Araneta-Bocala nang mapansin nilang sinusundan sila ng nakamotorsiklong kalalakihan mula sa tinitirhan nila sa Quezon City. Sina Saluta at Bocala ay nagpyansa noong Agosto para makadalo sa unang serye ng usapang pangkapayapaan. Hanggang ngayon, nahaharap sila sa mga gawa-gawang kasong kriminal. AB

mula sa pahina 3

sa 18 ang kaso ang mga pampulitikang pamamaslang, 20 kaso ang bigong pagpaslang at halos 14,000 ang napalayas dulot ng mga operasyong Oplan Bayanihan mula Hulyo hanggang Nobyembre. Samantala, mahigit 5,000 na ang napaslang, karamihan mga maralita, sa gera kontradroga. Walang pag-aatubili ang rehimeng Duterte na yurakan ang tamang proseso ng pag-aakusa at paglilitis, kahit sa kapwa nitong mga burukrata.

Kinundena rin ng mamamayan ang kagustuhan ni Duterte na magpatupad ng mga pasistang hakbangin—mula sa suspensyon ng *writ of habeas corpus* at muling pagbuhay sa kinamumuhiang Philippine Constabulary, hanggang sa pagdedeklara ng batas militar. Ininsulto niya ang mamamayan nang parangalan niya ang diktador na si Marcos sa pamamagitan ng pagpapalibing nito sa Libingan ng mga Bayani.

Sa larangan ng usapang pangkapayaan, patuloy na tumatanggi si Duterte na palayain ang mayorya, kundiman lahat, ng mga bilanggong pulitikal. Higit sa pangako, obligasyon ni Duterte na palayain ang mga bilanggo alinsunod sa CARHRIHL at pinakahuling mga kasunduan sa usapang pangkapayapaan ng NDFP at GRP. Dalawa na sa sakitin at matatanda na ipinangako niyang palalayain ay nasa ospital sa kasalukuyan. Maliban pa ito sa namatay dahil sa sakit nang hindi man lamang natapos ang pagbibista sa gawa-gawang kaso laban sa kanya .

Binatikos din ng mga raliyista ang pagtalaga ni Duterte sa berdugong heneral na si Eduardo Año bilang bagong chief-of-staff ng AFP. Kabilang sa mga krimen ni Año, na tinaguriang "tagapagtugis ng mga rebelde," ang pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos at pagpaslang kay Leoncio Pitao (Kumander Parago) noong nakaraang taon.

Sa Maynila, umabot sa 5,000 ang nagtipon sa paanan ng tulay ng Mendiola sa Maynila. Dala nila ang panawagang "Digong, tama na!" at #LayasMilitar, gayundin ang panawagang palayain na ang lahat ng mga bilanggong pulitikal. Sa araw ding iyon, tinapos ng mga bilanggong pulitikal, mga kapamilya at tagasuporta nila ang apat na araw na *hunger strike*. Hindi bababa sa 198 bilanggong pulitikal ang lumahok sa protesta.

Sa Davao, umabot sa 2,000 ang dumalo sa rali para gunitain ang Araw ng Karapatang-tao. Kabilang sa ipinanawagan ng mga raliyista ang kagyat na pagpapalaya kay Amelia Pond na kasalukuyang nasa ospital para operahan. Isa siya sa 83 bilanggong pulitikal sa Southern Mindanao.

Sa Cagayan de Oro, nagrali ang mahigit 4,500 sa Magsaysay Park, Divisoria. Sa Butuan City, nasa 800 ang nagtungo sa hedkwarters ng 401st Bde bago pumunta sa panrehiyong hedkwarters ng PNP, DILG at NCIP.

Sa Kalinga, ginunita ng 400 tagapagtanggol ng karapatang-tao at Innabuyog-Gabriela ang araw na ito sa pamamagitan ng pagtungo sa Barangay Western Uma, Lubuanga para palayasin ang mga sundalo ng 50th IB na nakakampo sa barangay hall, eskwelahan at day care center. Bago nito, iginiit ng mga residente ng barangay na umalis ang mga tropa pero sa halip na gawin ito, lalupang hinigpitan ng mga sundalo ang kontrol nila sa lugar. Lumala rin ang mga pang-aabuso ng mga sundalo matapos silang inireklamo ng mga residente. Bago makarating sa lugar, hinarang ng mga sundalo ang komboy ng Innabuyog-Gabriela. Itinayo nila ang kampuhan para sa kapayapaan pagdating nila sa Western Uma. Okupado rin ng mga sundalo ang ilang komunidad sa mga bayan ng Balbalan at Pinukpuk.

Nagkaroon din ng mga pagkilos sa iba pang bahagi ng bansa, tulad ng Masbate, Bacolod, Baguio, Tuguegarao at Isabela City sa Cagayan Valley. AB

# Mga operasyong militar sa Abra at Ilocos

Tuluy-tuloy ang pamamayagpag ng mga elemento ng 24th IB at 81st IB sa iba't ibang baryo ng Abra at Ilocos sa kabila ng pagtutol rito ng mga residente, kabilang ang mga nakatatandang katutubo sa lugar.

Sa bayan ng Sallapadan, inokupa ng mga sundalo ang mga baryo ng Bazar, Naguilyan, Sacaang at mga kanugnog nitong mga lugar. Mula pa Setyembre, nagkakampo ang mga elemento ng Alpha Coy ng 24th IB sa mga *barangay hall* at naghahasik ng teror sa mga komunidad. Idinadahilan nila ang "gera kontra-droga" at pagsugpo sa nakawan bilang mga dahilan ng kanilang presensya pero sa aktwal, paglalasing, pagsusugal, pambababae, at paglalaro lamang ng basketball ang kanilang inaatupag.

Inirereklamo ng mga nakatatanda sa Sallapadan ang pag-uutos ng mga sundalo sa mga bata na magnakaw ng manok. Ginagamit din nilang rason ang *relief operation* para ilusot ang kanilang presensya. Sa aktwal, wala silang tinulungang residente at ang sarili lamang nilang kapakanan ang kanilang inasikaso. Masahol pa, iligal nilang inaresto, kasama ng mga pulis, ang limang sibilyan na nangagaso sa saklaw ng kanilang baryo. Kinuha ng mga pulis ang mga baril na ginagamit sa pangangaso at hindi ibinalik ang mga ito.

Sa bayan ng Malibcong, sinamantala ng mga sundalo ang *relief operation* para magkampo sa mga barangay ng Gacab at Poblacion. Malisyosong pinagbintangan ng

mga pulis ang 10 sibilyang motorista mula sa tribong Gubang na residente ng mga barangay Bangilo, Umnap, Buanao at Lat-ey bilang tagasuporta ng BHB. Pilit nilang pinadadalo ang mga residente sa naturang mga barangay sa mga pulung-pulong para imbestigahan sila.

Mula Nobyembre hanggang sa kasalukuyan, nakakampo ang Bravo Coy ng 24th IB sa Brgy. Poblacion sa bayan ng Lacub. Sapilitan nilang pinasurender ang dating mga Pulang mandirigma at nagsagawa ng rekrutment ng mga espiya para tiktikan ang rebolusyonaryong kilusan. Ilan sa mga residente ang pinilit na sumama sa mga operasyong kombat na may layuning mang-agaw ng armas mula sa BHB. Sa halip na makinig sa panawagang umalis sa baryo, nagpasok pa ang mga sundalo ng mga gamit pangkampo tulad ng *generator, refrigerator* at mga bultuhang suplay, para sa matagalang paghihimpil.

Sa bayan ng Tubo, tuluy-tuloy ang paglulunsad ng 81st IB ng mga operasyong kombat sa mga barangay ng Tiempo, Kili, at Poblacion Mayabo mula pa huling linggo ng Nobyembre. Dahil dito, karamihan sa mga residente ang hindi na pumupunta sa kanilang mga sakahan at sa kagubatan sa takot na pagbintangan silang mga myembro ng BHB.

Sa rehiyon ng Ilocos, tuluy-tuloy din ang pananalasa ng militar. Ayon kay Ka Rosa Guidon, tagapagsalita ng National Democratic Front-Ilocos Region, may naitala silang 185 kaso ng paglabag sa karapatang-tao, na bumiktima sa mahigit 33,000 mamamayan sa ilalim ng mga operasyon ng Oplan Bayanihan.

Gayundin, mahigit 100 pinaghihinalaang gumagamit at nagtutulak ng droga ang pinatay sa rehiyon. Dalawa sa pinaslang, na inilusot sa ilalim ng Oplan Tokhang, ay walang kaugnayan sa droga kundi sa kanilang paninindigan sa pulitika.

Gayundin, nagmamatigas ang mga sundalo ng AFP sa pagpapatuloy ng kanilang mga operasyon sa kabila ng tigil-putukan. Hindi bababa sa 20 barangay sa apat na bayan sa Ilocos Sur ang nag-ulat ng pagkakampo ng 81st IB sa mga sibilyang komunidad. Kabilang dito ang walong barangay sa bayan ng Sta. Lucia, anim sa Salcedo, lima sa Quirino at isa sa Cervantes. Sa Quirino, Suyo at Sta. Cruz, sapilitan ang pagrerekrut ng mga sundalo para sa Civilian Armed Auxiliary, na ginagamit bilang mga bayarang goons ng mga komersyal na plantasyon at kumpanya ng mina. AB

# Oplan Bayanihan sa Mindanao

Naglabas ng pahayag ang National Democratic Front-Southern Mindanao Region (NDF-SMR) noong Disyembre 10 na kumukundena sa tuluy-tuloy na pananalasa ng Oplan Bayanihan sa mahigit 25 munisipalidad at lunsod sa rehiyon.

Iniulat ng mamamayan sa NDF ang maraming kaso ng pang-aabuso ng nag-ooperasyong PDT ng AFP sa Kibawe, Bukidnon; Compostela, Mawab at Pantukan sa Compostela Valley; at Loreto, Agusan del Sur. Mayroong mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng militar at paramilitar sa Arakan at North Cotabato; at pagtarget sa mga Lumad ng Talaingod ng Davao del Norte; Kitaotao, Bukidnon at Loreto, Agusan del Sur.

Ayon sa NDF-SMR, paulit-ulit na nilalabag ng mga sundalo ng AFP ang kanilang sariling tigil-putukan. Noong Nobyembre, dalawang beses na pinahinto ng mga Pulang mandirigma ang armadong mga sundalo na nagsasagawa ng mga operasyong *combat-intel* sa liblib na mga baryo ng Compostela Valley. Pinaalalahanan ng BHB ang sumurender na mga sundalo sa kanilang mga obligasyon sa tigil-putukan bago sila pinakawalan.

Alinsunod sa ulat na nakalap ng Barug Katungod Mindanao, umaabot sa 36 ang kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao ng mga sundalo ng AFP sa Southern Mindanao mula Hulyo. Kabilang dito ang walong kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang at 33 kaso ng paggamit ng mga sundalo sa mga pampublikong istruktura tulad ng mga eskwelahan, *health center* at mga istrukturang ginagamit sa pagsamba. Nakapagtala rin sila ng tatlong kaso ng panggigipit.

Sa Western Mindanao, laganap ang pamimilit ng 53rd IB sa mamamayang Subanen na dumalo sa ipinatatawag nilang mga asembliya. Dito, isinasailalim ang mga Lumad sa interogasyon at inaakusahang mga myembro ng BHB. Katulad sa iba pang bahagi ng bansa, nagkakampo rin ang mga sundalo sa mga sibilyang komunidad at nagsasarbeylans sa mga aktibidad ng mga residente.

Isa sa mga naiulat na biktima ng Oplan Bayanihan si Elmer del Rosario, 26, isang magsasaka sa Zamboanga. Ayon sa kanyang ama na si Edilberto, basta na lamang nawala ang nakababatang del Rosario matapos pulungin at pagbantaan sila ng mga sundalo mula sa 55th IB noong Agosto 19. Ayon sa nakasaksi, pinalibutan ng mga sundalo ang kubong tinutuluyan ni Elmer noong araw na iyon. Matapos ang paghahanap, nahukay ng mga residente ang bangkay ni Elmer malapit sa pinagkampuhan ng 55th IB.

Sa Misamis Oriental, tuluy-tuloy ang mga operasyong PDT ng AFP. Tuwing umaga, pinupuntahan ng mga sundalo ang mga bahay ng mga kasapi ng asosasyon ng mga magsasaka at pinagbantaang papatayin kapag sumama sila sa mga rali. AB

Lumalalang pang-aatake sa mga manggagawang bukid

# Mga manggagawa sa plantasyon ng saging, pinagbabaril

Walang awat ang karahasan ang tugon ng pamilyang Lorenzo, may-ari ng Lapanday Foods Corporation, sa nagpuprotestang mga magbubukid sa Madaum, Tagum City mula nang itayo nila ang kanilang kampuhan nitong Disyembre para bawiin ang kanilang lupa. Siyam na magbubukid ang nasugatan sa tatlong insidente ng pamamaril ng mga gwardya ng kumpanya.

Pinakahuling biktima ang dalawang magbubukid na binaril ng mga gwardya habang binabantayan nila ang kanilang mga kasamahan na nag-aani ng mga saging noong Disyembre 14. Bago nito, pito ang nasugatan nang basta na lamang nagpaputok ang naturang mga gwardya laban sa mga magbubukid at kanilang mga tagasuporta noong Disyembre 12.

Kasapi ang mga manggagawang bukid ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association Incorporated (MARBAI), ang asosasyon ng mga may-ari ng 145-ektaryang lupang tinamnan ng saging pang-eksport ng Lapanday. Noon pang 1997 iginawad sa mga magbubukid ang lupa sa ilalim ng huwad na repormang agraryo ng unang rehimeng US-Aquino. Pinagtibay ang kanilang pagmamay-ari noong 2011. Gayunpaman, kontrolado ng Lapanday ang lupa sa pamamagitan ng maanomalya at mapagsamantalang mga Agribusiness Ventures Agreement (AVA). Nabuo ang partikular na AVA sa pagitan ng Lapanday at Hijo Employees Agrarian Reform Beneficiaries Cooperation 1 (Hearbco1) na sumaklaw sa lupa ng mga myembro ng MARBAI noong Setyembre 2011. Bago pa man ito mapirmahan, humiwalay na ang mga magbubukid sa ilalim ng MARBAI sa Hearbco1. Dahil dito, sinipa mula sa plantasyon ang mga myembro ng MARBAI.

Ang AVA ay isa sa mga paraan na itinakda sa huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program para muling ikonsentra sa malalaking panginoong maylupa at may-ari ng mga komersyal na plantasyon ang lupa na dapat ipinamahagi na sa mga nagbubungkal.

Ayon kay Linda Dayahan, upisyal ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association Incorporated (MARBAI), nagtungo sila sa

*sundan sa pahina 7*

## Aktibista sa Tondo, pinaslang sa gera kontra-droga

ISANG AKTIBISTA sa Tondo, Manila ang pinaslang sa estilo ng mga *death squad*. Si Joel Lising, 43, ay pinalabas ng mga pumaslang na isang *drug pusher*. Ayon sa kanyang ina, hindi kailanman nasangkot sa droga si Lising. Sa halip, isa siyang upisyal ng Pagkakaisa ng mga Tri-Wheel Organizations para sa Kabuhayan (PATOK), isang alyansa ng mga drayber ng *tri-wheels* (traysikel, pedicab at kuliglig) na nagprotesta laban sa pag-*phase-out* ng kanilang kabuhayan. Walang rekord kaugnay sa droga si Lising.

Kada araw, hindi bababa sa 30 ang pinapaslang sa "gera kontra-droga" ni Duterte. Mula nang maupo sa poder hanggang pangalawang linggo ng Disyembre, umaabot na sa 5,600 ang naitalang mga biktima ng "gera" na ito, Nasa 2,012 ang napatay ng mga pwersa ng pulis dahil "nanlaban" ang mga ito. Halos 3,000 ang pinaslang ng mga *death squad* na naglipana sa buong bansa, laluna sa Metro Manila.

## 2 aktibistang bilanggo, laya na

NAKALAYA NA noong Disyembre 5 ang dalawang kabataang aktibistang inaresto at ikinulong sa gawa-gawang mga kasong kriminal nang mahigit dalawang taon. Ibinasura ng lokal na korte sa Nueva Ecija ang mga kaso ng *illegal possession of firearms and explosives* laban kina Guiller Cadamo at Gerald Salonga noong Disyembre 1.

Ayon sa ama ni Guiller na si Amado Cadano, masaya siya na napalaya na ang kanyang anak at si Gerald. Pero hindi makukumpleto ang kanyang kasiyahan hanggang hindi napapalaya ang lahat ng mga bilanggong pulitikal.

Idiniin niya na walang itinulong ang OPAPP at ang GRP panel sa pagpapalaya sa dalawang aktibista. "Napakatagal bago nila pinalaya sina Guiller at Gerald, gayong wala naman silang sala," ani Amado. "Paano na lang ang ibang bilanggong pulitikal na pareho nilang walang sala pero dekada nang nakakulong?" Myembro ng grupong Hustisya ang nakatatandang Cadano.

Inaresto, minaltrato at ipinailalim sa interogasyon ng mga sundalo sina Cadamo at Salonga noong Agosto 4, 2014 sa Brgy. RT Padilla, Carranglan, Nueva Ecija. Nagsasagawa noon ang dalawang aktibista ng pananaliksik sa mga usapin ng mga magbubukid sa lugar. Inakusahan silang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan at ikinulong.

Parehong galing sa University of the Philippines Extension Program sa Pampanga ang dalawa. Si Cadano ay nagtapos ng kursong *business administration* at naging panrehiyong tagapagsalita ng Kabataan Partylist habang si Salonga ay nagtapos ng kursong *psychology* at organisador ng Anakbayan sa Central Luzon.

plantasyon noong Lunes nang umaga para pigilan ang pag-ani ng LFC ng saging kasama ang 1,000 nilang mga tagasuporta. Sinalubong sila ng mga putok ng mga gwardya ng plantasyon. Pitong myembro ng MARBAI ang agad na nasugatan. Dalawa sa kanila ang nasa kritikal na kundisyon.

Noong Disyembre 9, itinayo ng mga magbubukid ang kanilang kampuhan sa loob ng plantasyon para bawiin ang kanilang karapatan sa lupa. Mula Hunyo nitong taon, nagpanatili na ng kampuhan ang mga magbubukid sa labas ng plantasyon. Noong Disyembre 11, pinaputukan sila ng mga *warning shot* pero nagawa nilang itaboy ang mga gwardyang nagpaputok.

Nanawagan ang mga manggagawang bukid na ipawalambisa ang mga AVA o mga kasunduan ng pag-upa ng LFC sa mga lupa ng mga magbubukid para taniman ng saging. Anila, mapagsamantala at mapang-api ang naturang mga kasunduan at ibinabaon lamang sa utang ang mga magbubukid habang kinokonsentra ang kontrol sa lupa sa kamay ng malalaking kumpanya. Layunin ng mga magbubukid na igiit ang karapatan nila sa lupa para matamnan nila ito ng mga produktong pangkonsumo.

Ayon kay Mely Yu, tagapangulo ng MARBAI, hindi nakabubuhay ang kita ng mga magbubukid bilang mga *contract grower* sa ilalim ng sistemang AVA. Umaabot lamang sa P2,000/ buwan ang nakukuha nila mula sa P15,000 dapat nilang kinikita dulot ng mga ibinabawas ng Lapanday na bayad sa ibinebenta ng kumpanya na mga abono, pestisidyo at iba pa. Sa ilalim ng AVA, binibili ng Lapanday ang mga saging mula sa plantasyon nang $3 (P150) kada kahon na may bigat na 13 kilos o P11.50/kilo.

Naglabas na ng "cease and desist" order ang pambansang upisina ng DAR laban sa Lapanday noong Disyembre 14.

Noong Disyembre 18, natapos ang imbestigasyon ng isang National Fact Finding Mission na pinangunahan ng mga grupo ng magbubukid at tagapagtanggol ng karapatang-tao. Naiulat ng grupo ang mga kaso ng harasment, pagbabanta, pananakot, iligal na pang-aaresto, bigong pagpaslang, pananakit, pamimilit at pagtatayo ng iligal na tsekpoynt ng Lapanday laban sa mga magbubukid ng MARBAI.

Noong Disyembre 19, nagpatawag na ng dayalogo ang mayor ng Tagum City para resolbahin ang girian sa pagitan ng Lapanday at MARBAI.

**Panggigipit sa Hacienda Luisita**

Samantala, muli na namang sinalakay ng mga bayarang goons ng pamilyang Aquino-Cojuangco ang lugar ng bungkalan sa Hacienda Luisita.

Noong Disyembre 4, alas-9 ng gabi, pinaputukan ng mga lalaking lasing ang kubo ng mga myembro ng Ambala (Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita) sa Sityo Silangan sa Mapalacsiao para palayasin sila sa lugar. Ang naturang sityo ay bahagi ng erya ng bungkalan ng mga magbubukid. Kinabukasan, inokupa ng mahigit 100 armadong kalalakihan ang naturang kubo, gayundin ang ilan pang mga kubo na ginagamit ng mga myembro ng Ambala sa bungkalan. Direktang pagsuway ito sa inilabas na desisyon ng Department of Agrarian Reform noong Oktubre 1 na "status quo" o panatilihin ang bungkalan. Sinimulan ng mga magbubukid ang bungkalan noon pang 2005 sa 10 baryo sa loob ng Hacienda Luisita.



Bago nito, pinasok ng mga bayarang goons mula sa Brgy. Lourdes (kilala rin bilang Brgy. Texas) ang lugar ng bungkalan sa Mapalacsiao noong Nobyembre 25. Ang mga maton, na may dalang mga itak at nakatakip ang mga mukha, ay ipinadala ng kapitan ng Lourdes na si Edison Diaz para magtayo ng mga gwardyahan at takutin ang mga nagbubungkal. Kumikilos si Diaz alinsunod sa utos ng mga tauhan ng pamilyang Aquino-Cojuangco. Dalawang kilometro ang layo ng Lourdes sa Mapalacsiao.

Sangkot kapwa sa LFC at Hacienda Luisita ang pamilyang Lorenzo. Nasa pamunuan ng Hacienda Luisita Incorporated si Martin Lorenzo habang nasa LFC ang kanyang kapatid na si Regina.

Sa kaugnay na balita, kinundena ng grupong Pamalakaya-Pilipinas (Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas) ang iligal na pag-aresto sa sampung mangingisda sa Brgy. Salvacion, Rizal, Mindoro Occidental noong Disyembre 7. Ipinagtatanggol noon ng naturang mga mangingisda ang kanilang mga kubo laban sa demolisyong iniutos ni Annaliza Pojas-Lopez, isang negosyanteng umaangkin sa lupang kinatitirikan ng mga ito. Ayon sa lokal na organisasyon ng mga magbubukid, ang Samahan ng Magsasaka sa Kanlurang Mindoro, idineklara ng Department of Environment and Natural Resources na isang "marine zone" ang lugar kaya hindi ito maaaring ibenta sa isang pribadong negosyo. Gayundin, lampas 50 taon na silang naninirahan sa lugar. Bago nito, dinemolis na ng mga goons ni Lopez ang 17 kabahayan noong Oktubre 24.

# Ang pagsasamantala at pang-aapi ng pamilyang Consunji sa Far South Mindanao

Nitong unang linggo ng Disyembre, dalawang Lumad ang dinukot ng paramilitar at bayarang goons ng DMCI (David M. Consunji Incorporated) sa Esperanza, Sultan Kudarat. Hanggang ngayon ay hindi pa natatagpuan ng kanilang mga kamag-anak sina Dabis Mogul at Macky Bael, mga Dulangan Manobo na lumalaban sa ekspansyon ng mga plantasyon ng mangga at operasyong pagmimina ng DMCI sa prubinsya.

Pinakahuling naidagdag sina Mogul at Bael sa mahabang listahan ng mga Lumad, Moro at setler na biktima ng DMCI. Sa nakaraang mahigit tatlong dekada, namayani ang armadong teror ng DMCI sa malaking bahagi ng Southcentral Mindanao na inagaw nito para sa mga operasyong pagtotroso, pagmimina at komersyal na plantasyon. Sa mahabang panahon, naghahari-harian ito sa lugar gamit ang laking-batalyon na pinagsanib na pwersang SCAA-38th IB (na tinawag na Investment Defense Force sa panahon ng rehimeng Arroyo). Nagtutuluy-tuloy ang pananalasa nito sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Ang DMCI ay pag-aari ni David Consunji at kanyang pamilya. Liban sa kumpanya ng pagtotroso at pagmimina, kilala ito sa kumpanyang konstruksyon at *real estate* sa Metro Manila at iba pang mga syudad. Noong 2015, itinala si Consunji bilang pampitong pinakamayamang Pilipino na may yamang P183 bilyon. Nasa listahan din siya ng 500 pinakamayayamang indibidwal sa buong mundo.

Mahigit 350,000 ektaryang lupa sa sampung munisipalidad sa Southcentral Mindanao ang saklaw ng iba't ibang kumpanya ng pamilyang Consunji. Pito nito ay nasa Sultan Kudarat, dalawa sa Maguindanao at isa sa South Cotabato. Sa mga lugar na ito matatagpuan ang Daguma Range, bahagi ng lupang ninuno at tradisyunal na pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga komunidad ng Lumad, Moro at setler.

Mula pa 1900s, marami nang malalaking kumpanya sa pagtotroso ang baha-bahaging kumalbo sa makapal na kagubatan sa Daguma Range. Kalagitnaan ng dekada 1970, iginawad ng diktadurang Marcos sa kroni nitong si Consunji ang karapatang magtroso sa 150,000 ektarya sa bahagi ng Daguma na nasa Sultan Kudarat, kasabay ng malalaking kontrata sa konstruksyon sa pambansang kabisera. Binili ng Consunji ang mga kumpanyang nag-oopereyt na sa lugar. Pagsapit ng dekada 1980, lumawak pa at naging monopolyo na ng DMCI ang komersyal na pagtotroso sa Daguma.

Gamit ang pribadong hukbo nito, ang noo'y Civilian Home Defense Force at paramilitar na grupong Ilaga, itinaboy ng mga kumpanyang Consunji ang mga Lumad sa lugar sa dekada 1970. Pagbagsak ng diktadurang Marcos, ginamit naman ng Consunji ang pekeng programa para sa "reforestration" ng rehimen ni Corazon Aquino, ang Integrated Forest Management Agreement (IFMA), para tuluy-tuloy na kalbuhin ang kagubatan ng Daguma. Kasabay nito, nagsimula na rin itong magmina ng ginto at karbon at maglatag ng mga plantasyon ng kape sa Daguma.


Malawakang pangangamkam ng lupa, dislokasyon ng mga Lumad, Moro at setler; pagwasak sa kultura at pamumuhay ng mga Lumad, pagkakalbo ng gubat at pagkasira ng kapaligiran; at laganap na pang-aabuso at paglabag sa mga karapatang-tao ang idinulot ng mga kumpanyang Consunji sa mamamayan sa lugar.

Gamit ang IFMA, pinalayas ng Consunji ang mga residente ng bulubunduking bahagi ng bayan ng Esperanza para gawing malawak na narseri ang lugar noong dekada 1990. Tuluy-tuloy ang pang-aagaw ng Consunji sa mga lupa ng mga Dulangan Manobo at mga kaingin ng mga setler na idineklara nitong mga lugar para sa "reforestration." Ang iba pang sinasaka na ay ginawa nitong mga plantasyon ng prutas at kape. Walang anumang kumpensasyong ibinigay ang kumpanya sa mga inagawan nito ng lupa.

Gutom ang dinanas ng karamihan sa mga residenteng nawalan ng kabuhayan nang wasakin ng Consunji ang kagubatan sa Daguma. Karamihan sa mga Lumad ay nakaasa sa likas na yamang gubat para sa pagkain at iba pang pangangailangan. Dahil sa komersyal na pagtotroso, nawasak ang kanilang sistema na nakaasa-sa-sarili *(self-reliant)* at napalitan ng ekonomyang nakabatay sa pera. Sa halip na magtrabaho sa sariling lupa, naging mga manggagawang bukid na lamang sila sa sariling lupa.

Ang iilang lokal na residente na iniempleyo ng mga kumpanyang Consunji ay sumasahod lamang ng P150/araw. Pana-panahon na mga manggagawa lamang ang iniempleyo nito sa mga plantasyon ng kape. Binabayaran sila ng P3.50 sa bawat kilong napipitas na kape o P140.00 kada sako para sa maghapong ani.

Dahil sa gutom, hindi iilang Lumad ang nangahas maghawan ng mga lupang itinakda na para sa "reforestation." Mayroong mga tradisyunal na pinuno at mandirigma o mga *agubalang* na nagpasyang lumaban para bawiin ang baha-bahagi ng kanilang lupang ninuno. Para supilin at bigyang-matwid ang pagsupil sa kanila, kinasuhan sila ng *arson* at binansagang mga bandido at kriminal. Dagdag dito, pinahina ng kumpanya, katuwang ang National Commission on Indigenous




Peoples, ang tradisyunal na sistema ng pamumuno sa mga komunidad ng Lumad. Sa hanay ng mga Dulangan Manobo, binaklas ang tradisyunal na papel ng mga *agubalang* at pinalitan ng pinasimpleng sistema ng lokal na pamamahala. Ito ay para mas madaling ilusot ang mga pakana at patakaran ng reaksyunaryong estado na pabor sa mga Consunji.

Daang taon ang aabutin para makabawi ang kagubatang winasak ng Consunji. Dulot ng sobrang pagtotroso, marami na sa mga uri ng punong *hardwood* ang nawala. Sa ngayon, nasa tatlo hangang limang taong gulang na lamang ang mga punong nasa lugar. Halos lahat ng klaseng hayop (ibon, baboy ramo, insekto at iba pa) na umaasa sa kapal ng mga punong ito ay nangawala o naitaboy na sa lugar.

Nawasak ang sistema ng mga *watershed* at mga ilog. Umaabot sa 11 mga *watershed area* (lugar na pinagmumulan ng mayor at sekundaryong mga ilog) ang naapektuhan. Pinakamalaki rito ang Kabulnan Watershed Forest Reserve kung saan 500 ektaryang gubat na lamang ang natitira. Ang *watershed* na ito ang pinagkukunan ng irigasyon para sa 13,500 ektaryang mga sakahan sa anim na bayan sa Maguindanao.

Mula nang magsimula ang mga operasyon ng pagtotroso ng DMCI sa Daguma, nagsimula na rin ang armado at di-armadong paglaban ng mga grupo ng Lumad (Dulangan Manobo, T'boli, at Teduray), gayundin ng mga komunidad ng Moro at ng mahihirap na magsasakang setler mula Visayas at Luzon.

Sa simula, maliitan, ispontanyo at kalat-kalat ang mga armadong pag-aalsa ng mga Lumad sa Daguma. Lumawak at lumaganap ang mga ito dulot na rin ng tuluy-tuloy na pagmaltrato, pang-aabuso at pang-aapi ng mga pribadong hukbo ng DMCI sa kanila. Isa sa mga unang lumaban si Datu Jakang Abag sa bayan ng Esperanza sa dekada 1970. Bantog din sina Kumander Apen Kawayan at Isung Kawayan sa pag-aarmas laban sa DMCI. Sa dekada 1980, pinamunuan naman ng isang nagngangalang "Guni" na kilala bilang Kumander Walang Baro, ang mahigit 100 mandirigma para salakayin ang mga operasyon ng kumpanya. Sinundan sila ng maraming iba pa. Itinuring na krimen ang kanilang armadong paglaban.

Sa ngayon, nagpapatuloy ang iba't ibang porma ng paglaban ng mamamayan laban sa DMCI. Ayon pa sa isang lider Lumad, sa haba na ng kanilang pakikibaka, alam na nila ang pangangailangan ng mahigpit na pagkakaisa. Makapangyarihan nga si Consunji at kanyang mga armadong maton, pero ang nagkakaisa at lumalabang mamamayan ay mas makapangyarihan sa kanila. AB

## Mga krimen ng mga Consunji sa Daguma

*(Mula sa praymer na inilabas ng KEDUMA, Hulyo 2016)*

**Abril 30, 2015**: Pinaslang ng mga gwardya ng DCMI si John Calaba, Public Relations Officer ng Kesasabanay Dulangan Manobo (KEDUMA) sa Sityo Salabantran, Brgy. Salangsang, Lebak. *(Tingnan ang detalye sa Ang Bayan, Hunyo 7, 2015.)*

**2000:** Pinaslang ng mga bayarang goons si Datu Eyet Enggew, lider ng mga Dulangan Manobo sa Kulaman.

**1993:** Hindi bababa sa 100 Lumad ang pinaslang ng mga gwardya ng kumpanya sa Kanalan, Tubak, kabilang ang kababaihan at bata, at sinunog ang kabahayan at ari-arian.

**1991:** Dalawang Dulangan Manobo (Lagbed Capitan at Lepeng Sabil) ang dinukot ng mga gwardya sa Sityo Dapulan at Mepayag.

**Huling bahagi ng 1980:** Isang babae ang napatay nang karakarakang pinaulanan ng bala ng mga gwardya ang isang bahay sa Sityo Tagbaken. Marami ang nasugatan.

**1989:** Walong Dulangan Manobo ang binaril ng mga gwardya habang tumatawid ng tulay sa Kedakelan, Esperanza.

**1979:** Dalawampu't apat na Dulangan Manobo, kabilang si Datu Jakang Abag, ang pinatay nang sinabotahe ang sinasakyan nilang trak sa Sityo Gintalas, Puluy-Puloy, Lebak.